

# KIAN Kumusta Kawasaki

Inilathala sa wikang: *Ingles, Intsik, Koreano, Espanyol, Portugal, Tagalog, at madaling Hapon*

Matatagpuan ang isyu na ito sa HP (<http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>).

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki 2-2 Kizuki Gion-cho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa-ken <http://www.kian.or.jp/>

Tel 044-435-7000 Fax 044-435-7010 E-mail: [kiankawasaki@kian.or.jp](mailto:kiankawasaki@kian.or.jp)

## **Seminar ng pagsulat ng aplikasyon ng Shiei Jutaku para sa mga dayuhan**

Para sa mga taong nais mag-aplay sa Shiei Jutaku, ngunit hindi Kailangang ang reserbasyon alam kung paano magsulat ng aplikasyon...Tutulungan kayong sumulat at maghanda upang puwede nang isumite ang form. (May mga interpreter ng Ingles, Intsik, Koeano, Portugal Espanyol at Tagalog)

**[Araw at Oras]** Ika-24 ng Mayo (Sabado) 10 : 00~12 : 00

Libre

**[Lugar]** Kawasaki International Center 2F Conference Room

**[Mga dadalhin]** Anumang dokumento na nagpapatunay ng kinita nang nakaraang taon (Withholding tax certificate Slip/Gensen Choshu Hyo o Tax Certificate/Kazei Shomei Sho)

**[Kapasidad]** 20 katao (mamamayan ng Kawasaki o nagtatrabaho sa Kawasaki nang higit sa isang taon)

**[Aplikasyon]** Ika 7 ng Mayo~Ika-21 ng Mayo Tumawag o Bumisita sa Center para mag-aplay

**[Katanungan]** (Kawasaki International Association TEL 044-435-7000)

Para sa mga detalye mangyaring sumangguni sa flyer o HP o makipag-ugnay sa **Kawasaki International Association**.

\*\*\*\*\*

## **Aplikasyon sa munisipyong pabahay/Shiei Jutaku** sa taong ito

**[Ang Shiei Jutaku ay...]**

- ...munisipyong pabahay na itinayo sa kooperasyon ng bansa at siyudad, na may mababang singil ng paupa para sa mga nahihirapan makahanap ng tirahan o mga taong medyo mababa ang kinikita
- Hindi katulad ng pribadong paupa, may mga kwalipikasyon ng paninirahan ng Shiei Jutaku katulad ng mga limitasyon ng kita at iba pa.
- Walang key money o renewal fee para sa Shiei Jutaku, subalit magkaroon ng income survey taon-taon upang itakda ang halaga ng paggamit (upa).



**[Qwalipikasyon]** (1)kasalukuyang naninirahan o naghahanap-buhay sa loob ng siyudad ng Kawasaki ng may mahigit 1 taon. (2)Ang tinatanggap na sweldo ay kabilang sa nakatakdang limitasyon ng sahod. (3)Nahihirapang makahanap ng tirahan at iba pa

**[Panahon ng pag-aplay]Tinatanggap ang aplikasyon ng dalawang beses sa isang taon para sa Shiei Jutaku ng Kawasaki** (Spring)...Mula katapusan ng Mayo hanggang simula ng Hunyo (Panahon ng pagpasok ay mula Disyembre hanggang Marso ng susunod na taon)

(Fall)...Mula katapusan ng Oktubre hanggang simula ng Nobyembre (Panahon ng pagpasok ay mula sa Abril hanggang Septyembre ng susunod na taon)

**[Katanungan]** **Kawasaki Jutaku Kyokyu Kousha/Kouei Jyutaku-bu Shiei Jutaku Kanri-ka**

TEL 044-244-7578 <http://www.kawasaki-jk.or.jp/shiei/index.php>

\*\*\*\*\*

## **Haisai Fiesta 2014**

**Ika-3 ng Mayo (Sabado/Holiday) hanggang Ika-6 ng Mayo (Martes/Holiday)**

Mag-enjoy kayo ng “Kasarapan”, “Kasayahan” at “Kamurahan” ng Okinawa!!

May mga luto, souvenir, produkto ng Okinawa at mayroon ding mga klase ng sayaw at kanta ng Okinawa

**[Lugar]** “La Citta Della” na nasa malapit sa Kawasaki Station (4-1 Ogawa-cho, Kawasaki ward)

**[Katanungan]**Citta Entertainment

Tel 044-233-1934





# Fureai Exchange Meeting Luto ng Kyrgyzstan!

Ika-7 ng Hunyo (Sabado) 11:00-14:30



**【Lugar】** Kawasaki International Center • Cooking Room

**【Kapasidad】** 20 katao (May pagpipili kung sumobra ang bilang ng aplikante)

**【Halaga】** 1,500 yen (Magbayad sa mismong araw)

※ Walang pa-alagaan ng bata

**【Peraan ng Pag-aplay】** Mag-aplay gamit ang return postcard. Maaaring mag-aplay hanggang 2 katao sa isang return postcard. Isulat ang sumusunod

① Pangalan ng kurso (Ryouri)

② Pangalan ng aplikante (kung dalawa ang nais mag-aplay isulat ang dalawang pangalan)

③ Address ④ Contact number

**【Aplikasyon】** mula ika-7 ng Mayo (Miyerkoles) hanggang Ika-30 (Biyernes) Dapat dumating ang postcard sa loob ng panahon na ito.

**【Katanungan】** (Kawasaki International Association TEL : 044 - 435 - 7000

Para sa mga detalye mangyaring sumangguni sa flyer o HP o makipag-ugnay sa **Kawasaki International Association.**

## Nihongo Salon para sa mga mag-ina/mag-ama

**\*Mga dayuhang Nanay at Tatay na maaaring sumali kasama ang bata\***

◆ may anak na mas maliit sa 2 taong gulang sa ika-30 ng Abril ◆

Mag-usap tayo sa wikang Hapon tungkol sa mga bata!

Tanungin lamang kung mayroon kayong gustong malaman.

**【Oras】** Tuwing Biyernes mula 2014/5/16-2014/7/11 (9 na beses)

10 : 00 ~ 11 : 30

Libre

**【Kapasidad】** 10 pares ng mag-ina o mag-ama

**【Lugar】** Kawasaki International Center

10 minutong lakarin mula sa Motosumiyoshi Station ng Tokyu Toyoko line

**【Aplikasyon】** Oyako Nihongo Salon (Ms. Hamada)

Mail: nihongosaron@gmail.com

0, Kawasaki International Association

Tel : 044-435-7000 <http://www.kian.or.jp/>

\*\*\*\*\*

**Pagpapayo para sa dayuhan sa Kawasaki International Center**

**Maaaring kumonsulta kung may katanungan. (Libre)**

•Oras ng konsultasyon (10:00-12:00, 13:00-16:00) Tel: **044-435-7000**



Wika	Araw
Ingles	Lunes ~ Sabado
Portugal	Martes • Biyernes
Koreano	Martes • Huwebes

Wika	Araw
Intsik	Martes • Miyerkoles • Biyernes
Espanyol	Martes • Miyerkoles
Tagalog	Martes • Miyerkoles



•Kawasaki ward office (konsultasyon)

•Asao ward office (konsultasyon)

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una at Ikatlong Huwebes	14:00-16:30
Intsik	Una at Ikatlong Martes	14:00-16:30
Tagalog	Una at Ikatlong Martes	9:30-12:00

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una at Ikatlong Huwebes	9:30-12:00
Intsik	Una at Ikatlong Martes	9:30-12:00
Tagalog	Una at Ikatlong Miyerkoles	14:00-16:30

\*Libreng konsultasyon sa Gyosei Shoshi (wikang Hapon) Lugar: Center 2F Conference room

•Araw at Oras: **Ika-18 ng Mayo Linngo 14:00-16:00** (Kailangang ang reserbasyon para sa interpreter)